**Pamagat**: Jesus – Ang Walang Mula't Walang Hanggang Salita

**Texto**: I Jn. 1:1 "That which was from the beginning, which we have heard, which we have seen with our eyes, which we have looked upon, and our hands have handled, of the Word of life;"

*Pagsasalin*: Yaong buhat sa pasimula, yaong aming narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahawakan ng aming mga kamay, tungkol sa Salita ng buhay;

**Panimula**:

1. Ipinapahayag sa atin ni Juan ang kanilang nasaksihan, ang persona at gawa ng Panginoong Jesus Cristo upang matamasa natin ang pakikisama sa Diyos.
2. Inilalarawan niya ang katauhan ni Cristo, at ito any bibigyan nating pansin sa ngayon.

**I. Ang Kawalang-hanggang Salita**.

1. (1:1a) "Yaong buhat sa pasimula" - Siya na buhat pa nang pasimula. Siya ay mula pa sa simula. Ito ay kapareho sa panimula ng Ebanghelyo ni Juan (Juan 1:1) at ang ibigsabihin ay bago nilikha ng Diyos ang anumang bagay, ay may pakikisama na, or pagkakaisa ng Diyos Ama at ang Anak ng Diyos.
    - a. Si Jesus ay Anak ng Diyos, na nagkatawang tao. Nagsimula ang kaniyang pagiging tao sa Bethlehem noong siya ay ipinanganak ng birhen sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. (1 Tim. 3:16; Heb. 10:5)
    - b. Bilang Anak ng Diyos, siya ay pantay sa Diyos. (Jn. 5:18; Phil. 2:6; Col. 2:9)
    - c. Bago pa nagmula or naipanganak si Abraham, ay "Ako Nga." (Jn. 8:58) – Itong "Ako Nga" ay pangalan at titolo ng Diyos sa Exo. 3:14. Siya ay hindi nilikha!
    - d. Si Jesu Cristo bilang Diyos ay walang simula at walang katapusan. Kasama na siya ng Ama magmula pa sa simula. (Jn. 17:1,5,24; Micah 5:2 – from everlasting).

2. (1:1b) "Ang Salita ng buhay" –
    - a. Ang Salita (Verbo) – Jn. 1:1-3, v. 14; Rev. 19:3.
        - a.1. Bilang Salita siya ay ang nagpapahayag sa Diyos. (Matt. 11:27; Jn. 1:18; 12:45)
        - a.2. Bilang Salita siya ay ang nagpapahiwatig ng kalooban ng Diyos. (Jn. 17:14)
    - b. Ang Salita ng buhay" –
        - b.1. Sa kaniya naninirahan ang buhay. Nagmumula sa kaniya na parang balong.
        - b.2. Siya ay buhay at nagbibigay buhay sa mga sumasampalataya sa kaniya.
        - b.3. Siya "ang buhay" – Jn. 1:4; 11:25; 14:6
        - b.4. Siya "ang buhay na walang hanggan" – 1 Jn. 5:20
    - c. Ang mga pangalan at titolong ito ay kumakatawan sa kanya bilang pinanggalingan at ugat ng banal, at kabuhayan sa lahat na nakikibahagi sa Kanya.

**II. Ang Ipinahayag na Salita**.

1. (1:2b) Nahayag sa amin. (Manifest – nagpakita). - Ipinadala sa atin ng Diyos Ama ang Anak na katulad ng makasalanang laman. (Ang pagtubos ay nagbibigay kahulugan sa Paglikha). Siya ay tunay na Diyos at totoong Tao.
2. Si Jesus ay ang Salita (Diyos) magkatawang-tao. - Ipinagpapalagay ang anyo ng isang lingkod, sumasailalim sa poot ng Diyos, ang sumpa ng Batas, na nakakaapekto sa tagumpay laban sa kasalanan, Satanas, at kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay.
3. Walang taong maaaring natuklasan ito sa kanyang sarili. Kailangan natin ang paghahayag na ito. Walang tao na maaaring naisip na ito, kailangan na ipakita ito sa atin.

**Katapusan**:

1. Hindi natin maiintindihan ng kompleto ang misteryo ng katangian ng Panginoong Jesus.
2. Hindi pinapahalagahan ng tao ang Diyos na hindi niya maipaliwanag. Ngunut ang sa atin ay sumampalataya.
3. Pwede nating tanggapin ang mga katotohanan sa pamamagitan ng pananampalataya.